



Pangiyak: Participatory Video Training para sa mga Lumad

Valerainne R. Lopez, Edgie Francis B. Uyanguren, and Celeste F. Vallejos

Research and Extension for Development Office
College of Social Work and Community Development
University of the Philippines Diliman
Quezon City, Philippines

Ang Karanasan ng REDO sa Pagsagawa ng *Participatory Video*

Ang paglilikha ng *participatory video* o PV ay isang proseso kung saan ang mga tao sa komunidad ay kalahok sa pagbuo ng kanilang sariling bidyo. Sa PV, ang mga tao ay hindi lamang tauhan, bagkus, sila rin ang mismong gumagawa ng bidyo kung saan naipakikita nila ang kanilang mga kuwento base sa sarili nilang pagkaunawa sa kanilang kalagayan. Ayon kay White (2003), *empowering* para sa mga tao ang paggawa ng PV. Binigyang-diin niya na sa pamamagitan nito, magkakaroon ng kritikal na pananaw ang mga kalahok na siyang magbibigay-bunga upang sila'y maging mapanlikha sa uri ng pagpapahayag. Nagiging daan ito upang maglunsad ng pansarili, pangkomunidad, pulitikal, at kultural na pagbabago.

Ang partisipasyon sa mismong produksyon ng bidyo ng mga taong direktang nakararanas o apektado ng mga isyu ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kanilang kumpyansa sa sarili. Sa PV, ang mga tao rin ang magpapasya kung paano nila gagamitin ang kanilang binuong bidyo.

Binabasag nito ang konsepto na ang produksyon ng bidyo ay para lamang sa mga may pormal na edukasyon sa paggawa nito at sa mga may akses sa teknolohiya at mga bagong gamit. Binabaligtad rin nito ang tradisyunal na proseso kung saan ang kapangyarihan na magtakda ng *script*, mag-*edit*, magbigay-direksyon at ang partisipasyon ng mga tauhan sa kuwento ay nakasalalay lamang sa may hawak ng teknolohiya at rekurso (hal. ang direktor o prodyuser). Sa halip, binibigyan-diin nito ang kahalagahan ng boses ng buong komunidad na



siyang mapagpasiya sa kalalabasan ng PV. Ang PV ay katulad ng sa pagsasagawa ng *participatory action research*, kung saan nabibigyan ng kapangyarihan ang mga kalahok sa pananaliksik sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng higit na boses kaysa sa kumbensyunal na pananaliksik (Yang, 2016). Dagdag pa ni Yang (2016), sa prosesong ito ay nabibigyan ang mga kalahok ng pagkakataong magnilay sa kanilang buhay.

Ang Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan ng UP Diliman ay naniniwala sa sama-samang pagkilos para sa pagpapaunlad ng pamayanan, kung kaya't nitong nakaraang dekada, nagsagawa ito ng mga *participatory* na proseso sa paggawa ng bidyo sa pamamagitan ng Research and Extension for Development Office (REDO). Ilan sa mga nabuong PV ay ang *Ta-aw: Buhay at Karanasan ng mga Mangingisda ng Anda, Pangasinan* kung saan binahagi ng mga mangingisda ng Anda, Pangasinan ang kanilang karanasan sa pangangalaga ng kalikasan na kanilang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan; ang *Kwentong Buhay ng mga Manggagawang Impormal sa Pilipinas* na nagsasalaysay ng pakikibaka at mobilisasyon ng mga miyembro ng impormal na sektor-panggawa; at ang *Bahay-bahayan* na tungkol sa kalagayan ng programang pabahay ng pamahalaan sa Vitas, Tondo sa Maynila. Sa pamamagitan ng mga naitalang proyekto, nagkaroon ng tuntungan ang kasalukuyang grupo sa pagbuo ng konsepto ng PV para sa mga Lumad o katutubo mula sa Mindanao.

Panimulang Gawain ng *Participatory Video* sa Lumad

Noong Nobyembre 2016, libo-libong mga katutubo at Moro ang lumahok at nakiisa sa naganap na Kampuhan ng Pambansang Minorya sa UP Diliman. Sa kaganapang ito, nagkaroon ng pagkakataon ang mga Iskolar ng Bayan na lalong makilala, makahalubilo at marinig ang mga kwento o “sugilanon” ng mga Lumad. Dito nagmula ang inspirasyon para sa proyektong *participatory video* kasama ang mga guro sa mga paaralang Lumad bilang gawaing ekstensyon ng REDO.



Ang proyekto ay sinuportahan ng UP Diliman Office of Extension and Coordination (OEC) sa ilalim ng Office of the Vice-Chancellor for Research and Development (OVCRD) na siyang nagbigay ng *extension grant* para maisakatuparan ito. Ang proyekto ay isinagawa ilang buwan matapos ang Kampuhan ng Pambansang Minorya, noong ika-24 ng Marso hanggang ika-2 ng Abril 2017 sa Sitio Han-ayan, Diatagon, Lianga, Surigao del Sur.

Higit pa sa isang ordinaryong proyekto, maituturing na panimulang kolaborasyon ito ng REDO at ng Alternative Learning Center for Agricultural and Livelihood Development (ALCADEV) at ng Tribal Filipino Program of Surigao del Sur (TRIFPSS). Ito rin ay isang kongkretong tugon sa hamon sa Unibersidad na aktibong makipag-ugnayan sa pambansang minorya sa larangan ng gawaing ekstensyon.

Ang Sitwasyon ng mga Lumad Community School

Batid ng bawat miyembro ng REDO PV *team* (o PV Team) ang panganib at kawalang katiyakan sa lugar na pupuntahan. Ang ALCADEV at TRIFPSS ay dalawa sa mga paaralang Lumad na inatake at patuloy na inaatake ng mga ahente ng estado at grupong para-militar. Noong ika-1 ng Setyembre 2015, naganap sa isa mismong paaralan ang pagmasaker kay Emerito Samarca, Executive Director ng ALCADEV, at mga lider ng Lumad na sina Dionel Campos at Datu Juvello Sinzo.

Ayon kay Annabelle Campos, isang TRIFPSS Literacy Coordinator, mula pa noong taong 2005 ay walang tigil ang mga banta at paglabag sa kanilang karapatan sa lupang ninuno at sariling pagpapasya dahil sa mariing pagtutol ng komunidad sa mapanirang pagmimina. Makailang-ulit na ring lumikas o nag-”bakwit” ang buong komunidad dahil sa walang humpay na militarisasyon.

Sa kabila ng lahat ng takot, *trauma* at pagkalugmok, patuloy pa ring nagsisikap ang buong komunidad para makabangon at makaalagwa sa mga gawain. Itinuturing ng mga lumad na napakahalagang bahagi ng kanilang pamayanan ang mga *community schools* na



kanilang naipundar. Matapos ang kanilang pagbakwit ng humigit-kumulang isang taon, unti-unti nilang inayos ang mga naiwang eskwelahan. Sa datos ng ALCADDEV, mahigit 200 na estudyante ang muling nag-enrol sa kanilang paaralan at nadagdagan pa ang mga *community schools* ng TRIFPSS sa Surigao del Sur mula sa dating 21 na ngayon ay naging 23 na.

Bagamat nahaharap rin sa mga gawa-gawang kaso at *harassment* ang mga lider ng komunidad at *volunteer teachers*, patuloy sila sa pag-giit ng kanilang mga karapatan dahil pinahahalagahan nila ang edukasyon para sa kinabukasan ng kanilang mga anak at mga estudyante. Para sa kanila, ito ang nagbibigkis sa kanilang komunidad at nagbibigay ng kaalaman at inspirasyon sa mga mag-aaral, kaya ganoon na lamang ang kanilang pagsisikap na ito ay mabuo at mapangalagaan.

Mga Paghahanda at Hamon sa Teknikal na Aspeto ng PV

Sa pagpapakilala ng konsepto ng *PV* at sa teknikal na aspeto nito tulad ng *scriptwriting* at *video editing*, maraming kinaharap na hamon hindi lamang ang PV Team kundi maging ang mga kalahok. Una, ang Sitio Han-ayan ay hindi naaabot ng *signal* ng *cellphone* at ang ALCADDEV at TRIFPSS ay walang akses sa *internet*. Ang tanging pagkakataon na sila ay nakakapag-*internet* ay kapag bababa sila sa sentro ng Barangay Diatagon na mahigit dalawang oras mula sa eskwelahan. Ikalawa, walang kuryente sa eskwelahan na pinagdadausan ng palihan. Nagkakaroon lamang ng kuryente rito kapag pinagagana ang *generator* sa itinakdang oras -- dalawang beses sa isang araw at tumatagal lamang ng dalawang oras kada *session*. Ikatlo, dadalawa lamang ang *laptop* na maaring gamitin mula sa eskwelahan kung kaya't ilan sa mga gurong kalahok ay nagdala ng kani-kaniyang *laptops*. Panghuli, kakaunti lamang sa mga kalahok ang may karanasan sa pagkuha ng larawan; bagama't mayroon silang mga *smartphone*, mga *group shot* at *selfie* lamang ang madalas nilang kinukuha. Dagdag pa rito ang kawalan nila ng karanasan sa *video editing*.



Sa pagsusuri sa resulta mula sa kanilang Training Needs Analysis (TNA), masusing na hinimay ng PV Team ang pagbuo ng modyul na aakma sa kakayanan at pangangailan ng mga kalahok. Maingat din na idinisenyo ang mga aktibidad at *workshop* upang unti-unting maipakilala sa kanila ang konsepto ng PV. Tinugunan din ang mga balakid kagaya ng kawalan ng kuryente sa lugar at limitadong materyales na maaari nilang gamitin kagaya ng *laptop*. Patungkol sa pagpapadaloy ng *training*, isinaisip ng PV Team ang kahalagahan na komportable ang pakikitungo sa mga kalaok para sa malayang diskurso at pagbabahagi ng mga saloobin tungkol sa bawat konseptong ipinipresenta. Ang mga modyul na ginamit ay puno ng mga *workshop* na pang-indibidwal at pang-grupo, at ang bawat isa ay malayang nakapagbabahagi ng kanilang pananaw sa mga gawain.

Ibinahagi ng mga kalahok ang kanilang pananaw sa naging daloy ng *workshop* at narito ang ilan sa kanilang mga naisulat:

“Nakita ang pagtutulungan ng bawat isa na makapagbahagi ng kanilang mga karanasan kaya nalagapasan ang mga limitasyon.”

“Mas nakilala pa ang history ng mga kasamahan at may mga surprising na mga experiences na shocking din para sa amin.”

“Malinaw yung talakayan at handa ang mga tagapagpadaloy sa paksa. Mataas ang pasensiya nila para sa amin kahit halos lahat sa amin ay baguhan.”

“Madaling maintindihan ang mga paksa dahil mula sa teorya patungo agad sa praktika.”

Sa *photography* at *video editing workshops*, bagama’t noong una ay ilan sa mga kalahok ay takot na humawak ng aparato, kalaunan ay unti-unti silang naging kumpiyansang gumamit ng kamera at *laptop* sa tulong na rin ng bawat isa. Ganito naman ang kanilang naisulat sa kanilang pagninilay rito:

“Sa kabuuan, positibo dahil nadagdagan ang kaalaman ko kung paano gamitin ang kamera upang maganda ang kuha ng picture. Ngayon, natuto na talaga ako.”

“Ngayon pa lang ako naturuan kung ano ang paraan sa basic camera at malaki ang naitulong nito sa aming pagserbisyo sa mamamayan.”

“Malinaw ang pagtuturo kung paano gumawa ng bidyo at nakapagtanong kung ano ang hindi naintindihan”



“Nahirapan ako sa pag-edit pero naging hamon ito sa akin dahil first time ko at ‘di ko pa masyadong alam ang pasikot-sikot. Pero malaking tulong naman sa akin kung kaya explore...”

Malaking tulong din na ang *training* ay isinagawa gamit sa kanilang lokal na salita (Bisaya). Sa ganitong pamamaraan, mas malaya nilang naibahagi ang kanilang mga saloobin at agam-agam sa mga paksang tinatalakay. Dagdag pa rito, binigyang-diin ng grupo na hindi kailangan ng mamahaling mga kagamitan upang makabuo ng magandang bidyo. Sa pamamagitan ng magandang konsepto, masusing pagpapalano, kooperasyon ng bawat miyembro ng grupo, at partisipasyon at konsultasyon sa mga miyembro ng komunidad ay makabubuo sila ng magandang PV na sasalaming sa kanilang tunay na kalagayan. Sa pagdaan ng mga araw ng *training*, napagtanto nila na ang kanilang mga *smartphone* ay may mas makahulugang gamit upang maibahagi nila ang kanilang mga karanasan. Sa *video editing*, binigyan sila ng kalayaang alamin ang bawat *function* sa *video editing software* at sumubok ng ilang *functions* na maaari nilang gamitin sa kani-kanilang bubuuang mga bidyo.

Naniniwala ang PV Team na ang paghihimay ng mga aktibidad, ang kagustuhang magbahagi ng mga kalahok ng kani-kanilang mga karanasan, ang malayang pagdaloy ng mga diskusyon, ang malalim nilang pagtingin sa mga isyung kinakaharap at ang kagustuhang matuto sa bawat isa sa kanila ang ilan sa mga dahilan kung bakit naging matagumpay ang pagsasanay ng mga lumad sa PV. Nagbunga ng tatlong PV ang mga kalahok pagkatapos ng *training*: (1) tungkol sa karanasan ng mga guro sa lumad na paaralan; (2) tungkol sa buhay ng isang lumad na magsasaka; at (3) ang kasaysayan ng organisasyon sa komunidad. Dagdag pa rito, nakabuo sila ng dalawa pang *participatory video* ilang linggo matapos ang aktwal na pagsasanay. Tampok dito ang bidyo na nailagay sa *social media* na nanawagan ng tulong at suporta sa kanilang pagbabalik sa kanilang komunidad at paaralan, at ang panawagang *#SaveOurSchools*.



Mga Pagmunimuni at Kabatiran ng PV Team

Ang pagpunta pa lamang sa ALCADEV ay sadyang mahirap at mapanghamon na. Dahil sa kakulangan ng maayos na daan at transportasyon, maaari lamang marating ang ALCADEV sa pamamagitan ng habal-habal o *skylab*. Maputik, matarik at baku-bakong daan ang kahaharapin ng mga pupunta sa eskwelahan, kung saan ang biyahe ay tatagal ng mahigit isang oras. Sa kabila nito, sinalubong kami ng mainit na pagbati mula sa mga guro at mag-aaral nang marating na naming ang paaralan. Bukod pa dito ay kapansin-pansin din ang ganda ng tanawin at pinagyamang mga pananim na nakapalibot sa lugar. Dahil sa ganda ng lugar at mainit na pagbati, unti-unti ay napanatag kami sa aming gagawing palihan.

Sa paglipas ng mga araw ng *training*, nakita namin kung gaano ka-kolektibo ang pamamaraan ng mga Lumad sa kanilang mga gawain. Naobserbahan namin kung gaano sila ka-komportableng magpahayag ng kanilang mga saloobin at aktibong makilahok sa mga gawain. Partikular sa *video editing*, bagama't aminadong nahirapan sila noong umpisa, unti-unti naman nila itong nagamay hanggang sa nakabuo na sila ng kani-kanilang mga bidyo.

Narito ang ilan sa *feedback* ng mga mag-aaral:

“Very interesting ang topic. It promotes collective work para mas mapadali at maranasan lahat ng klase ng gawain ng indibidwal bilang bahagi ng production.”

“Nakikita sa bawat isa ang kagustuhan matuto at makapag-ambag ng mga opinyon upang mapagtagumpayan ang lahat ng activities/workshop.”

“Nakita ang pagtutulungan ng bawat isa, grupo at sa mga nagbigay ng training.”

Hangang-hanga kami sa lalim ng kanilang mga *workshop output*. Dahil sa kagustuhan nila matuto, maganda ang naging pagtanggap nila sa bawat konseptong inilalatag sa kanila. Sapat ang oras na ibinigay sa bawat *session* upang maintindihan nila ang bawat konseptong tinatalakay. Ayon sa kanila, “nakuha ang atensyon ng bawat isa, *give and take* ang mga *ideas*”



Naniniwala kami na malaki ang tulong ng kanilang karanasan at kultura upang mas mapalalim ang mga pagbabahagi. Kahanga-hanga din ang kanilang pagpapahalaga sa edukasyon, kanilang mga estudyante at kanilang komunidad. Naniniwala kami na malaking tulong rin ang aming paglubog sa komunidad upang maging mas madali at komportable ang bawat isa sa daloy ng pagsasanay. Ang simpleng pakikibahagi sa maliliit na gawain ay malaking tulong upang ang mga *facilitators* ay matuto din mula sa kanila. Sa aming pagsama sa kanilang pagkuha ng *footages*, napalalim din namin ang aming pagkaunawa kanilang ipinaglalaman. Sa pakikipamuhay sa kanila, mas lalong tumimo sa amin na hindi balakid ang kakulangan ng magagandang kagamitan, kuryente at abanteng teknolohiya upang makabuo sila ng magandang kwento na maari rin nilang ibahagi sa mga tao.

Sa ilang araw na pananatili namin sa komunidad ng mga Lumad, kapansin-pansin ang kolektibong partisipasyon ng mga bata sa paggawa ng kanilang paaralan kasama ang kanilang mga guro. Nasaksihan namin kung paano nagtutungan ang buong komunidad sa pagtatayo ng dormitoryo para sa mga estudyante. Ang mga bata ang nagbubuhay ng kahoy at mga kagamitan, samantalang ang mga magulang ang nagkakarapintero. Sa mga gawain naman sa dormitoryo katulad ng pagluluto, paglilinis, at paghahanda ng panggatong, may sistema din ng hatian sa gawain ang mga bata. Maging sa paggawa sa bukid, na kasama sa kanilang kurikulum sa agrikultura, ay sama-sama sa paggawa ang mga estudyante at pati mga guro. Damang-dama ang pagiging isang komunidad ng paaralan. Sa pagsasanay tungkol sa PV, madaling naunawaan ng mga kalahok ang konsepto at prinsipyo ng mapanlahok na proseso. Mabilis nilang nagawa ang kanilang *script* at bidyo. Ang proseso sa paggawa ng PV ay madaling naunawaan dahil isinasabuhay na nila sa araw-araw nilang gawain ang samang pagkilos. Ang nadagdag na lamang ng aming grupo sa kanilang kaalaman ay ang teknikal na aspeto sa paggawa ng bidyo katulad ng paggawa ng *script* at paggamit ng teknolohiya tulad ng kamera, kompyuter, at *editing software*.



Karanasan ang pinakamahasay na guro. Sa nakita namin sa mga guro at mag-aaral ng ALCADEV at TRIFPSS, buhay na buhay ang konsepto ng sama-samang pagkilos at pamamahala kung kaya't madali silang nakabuo ng tatlong bidyo pagkatapos ng aming pagsasanay. Nagkaroon din ng pagpapalabas ng kanilang bidyo sa buong komunidad para makakuha ng mungkahi, komento at higit sa lahat ay ang pahintulot sa mga ginawang bidyo. Isa ito sa mga mahalagang bahagi sa proseso ng paggawa ng PV.

Batay na rin sa *feedback* ng mga kalahok, naunawaan nila ang buong proseso dahil ang PV ay akma sa kanilang pangangailangan at kagustuhang magkwento sa mas nakararami pa ng kanilang sitwasyon. Narito ang ilan sa kanilang mga pagmumunimuni:

“Maganda ang video dahil totoo naman ang ipinapakita at malaking tulong ito para sa mga taong hindi alam ang aming kalagayan.”

“Makakatulong ito sa aming patuloy na paglahok upang ipakita sa publiko ang mga tunay na pangyayari.”

“Hinikayat talaga ang lahat na makapag-share.”

Pursigido silang matuto dahil nais nilang isalaysay ang katotohanan sa kanilang komunidad at hikayatin ang iba pa na sila ay suportahan sa kanilang mga panawagan. Sa katunayan, ilang linggo matapos ang buong palihan, nakabuo sila ng dalawa pang bidyo tungkol sa kanilang pagbabalik-eskwela at paghingi ng suporta para sa kanilang kampanyang *Save Our Schools*. Bukambibig ng mga kalahok na natuto sila dahil sa epektibong kombinasyon ng teorya at praktika.

Nais rin nilang mas marami pang mga palihan ang gawin upang mas lalo pa silang maging mahusay sa mga gawain. Ayon sa isang *volunteer teacher*, sana raw ay may susunod pang mga paagsasanay upang marami pa silang matutunan. Sinabi naman ng isang mag-aaral na nabitin siya at nagnanais na sana'y magkaroon pa ng mas mahabang oras sa palihan. Nagpasalamat siya at sinabing, “sa kaunting oras at panahon, marami kaming natutunan sa inyo. At sana bumalik kayo sa lupang ninuno namin.”



Isang mahalaga at kapaki-pakinabang na proyekto ang PV sa mga Lumad. Isa itong paraan ng kolektibong pagsasalaysay ng mga tunay na pangyayari, pagbibigay-bose sa komunidad sa paraang gusto at akma sa kanila, at pagpapalakas ng kanilang diwa ng pagkakaisa at paglaban upang makamtan ang kanilang mga mithiin. Kung bibigyan raw ng pagkakataon, sana ay sa mas marami pang komunidad makaikot ang *workshop*. Ayon sa isang ALCADDEV na mag-aaral, “sana hindi lang kami kundi sa mas marami pang nangangailangan [makarating] [a]ng training na ito.”

References

- Alternative Learning Center for Agricultural and Livelihood Development. *ALCADEV*. Retrieved from <https://alcadev.wordpress.com/about/>
- Tojos, L. (2017). Empowering Marginalized Filipinos through Participatory Video Production. *Plaridel vol. 4 issue 1*. University of the Philippines, Diliman, Quezon City
- White, S.A. (2003). *Participatory Video: Images that Transform and Empower*. Thousand Oaks: Sage
- Z. Capistrano. (2016) Lumad schools hold graduation ceremony in Tandag City evacuation Center. *DavaoToday*. Retrieved from <http://davaotoday.com/main/human-rights/lumad-schools-hold-graduation-ceremony-in-tandag-city-evacuation-center/>